

Lunsod ng Hayward

Pahayag ng Panukalang Pagpapasyahan sa Pangkalahatang Halalang Pambayan sa ika-6 ng Nobyembre, 2018 at ang Huling Araw ng Paghahain ng Tugon sa Balota

ISANG PAHAYAG ANG PINAAABOT na isang Pangkalahatang Pambayang Halalan ang gaganapin sa Lunsod ng Hayward sa Martes ika-6 ng Nobyembre, 2018. Kasabay ng nabanggit na Pangkalahatang Halalang Pambayan, iminungkahi ng Panlunsod na Sanggunian, sa sarili nitong galaw, ang Kapasyahan Bilang 18-170 na inihain para sa pagsasaalang-alang ng mga botante ng Lunsod ng Hayward sa inihaing Panukala ___ ni Konsehal Mendall:

PAMAGAT NG BALOTA

“Upang tumulong sa mga gawaing ng Lunsod ng Hayward na may pagkakakitaang hindi maaaring kunin ng Estado, kabilang na ang pagkukumpuni ng mga kalsada at bangketa, agarang pagtugon ng 911 at pamatay-sunog, kapitbahayang pagtatanod ng pulis, pangsakunang paghahanda, pinalawig na oras ng silid-aklatan at mga gawaing pagkatapos ng oras sa paaralan, at walang hanggang layunin para sa pangkalahatang pagkakakitaan, itataas ng Hayward ang buwis kukunin sa pagbili ng ari-aring lupa’t bahay sa \$8.50 bawat \$1,000 halaga mula sa kasalukuyang \$4.50, upang makapaglaan ng taunang \$13,000,000 halaga, hanggang ito ay ipawalang-bisa ng mga botante, ang kabuuan ng pondo ay pakikinabangan ng Hayward?”

BUOD NG PANUKALA

ALITUNTUNIN NG LUNSOD NG HAYWARD, CALIFORNIA NA NAGPAPALIT SA SECTION 8-6.05 NG PAMBAYANG BATAS NG HAYWARD KAUGNAY NG BUWIS SA PAGSASALIN NG ARI-ARING LUPA’T BAHAY.

PINAPAYAGAN NG MGA TAGA LUNSOD NG HAYWARD ANG:

Section 1. Section 8-6.05 ng Pambayang Panuntunan ng Hayward ay pinapalitan ng sumusunod:

SEC. 8-6.05 – PAGPAPATAW NG BUWIS.

Ipapataw ang buwis sa bawat paglilipat, sa pamamagitan ng pagkilos, kagamitan o kasulatan, ng anumang lupa, paupahang bahay o anumang ari-ariang nakapaloob sa Lunsod na nabili, pinagkaloob, inilipat o tahasan mang pinaubaya o hindi, sa bumibili o mga bumibili sa halagang ~~apat na dolyar at limampung sentimo (\$4.50)~~ *walong dolyar at limampung sentimo (\$8.50)* sa bawat isang libong dollar (\$1,000.00) o anumang bahagi ng isang libong dolyar (\$1,000.00) ng halagang sinasaalang-alang kung ito ay lalampas sa halagang isang daan dolyar (\$100).

Ang kabuuan ng panukala ay matatagpuan at makukuha sa Tanggapan ng Panlunsod na Tagatala sa 777 B Street, Hayward, at maging sa website ng Lunsod sa <https://www.hayward-ca.gov/your-government/elections>.

IPINAAALAM DIN ng Panlunsod na Tagatala na ayon sa sinasaad sa Sections 9285 at 9286 ng Batas Panghalalan ng Estado ng California, ang mga sumusunod na katapusang araw ay itinakda bilang huling araw pagtanggap ng mga pangangatwiran at salungat na pangangatwiran at pagtutol sa panukalang nakapaloob sa Pangkalahatang Halalang Pambayang gaganapin sa ika-6 ng Nobyembre, 2018, na maihahain sa Panlunsod na Tagatala para ito'y ay mailathala at maipamahagi sa mga botante ayon sa batas:

Huling araw sa paghahain ng Pangunahing Pangangatwiran: ika-5:00 P.M., Martes, ika-31 ng Hulyo, 2018

Huling araw sa paghahain ng Salungat na Pangangatwiran: ika-5:00 P.M., Biyernes, ika-10 ng Agosto, 2018

Ang Pangunahing Pangangatwiran na hindi hahaba sa 300 salita, at ang Salungat na Pangangatwiran na hindi hahaba sa 250 salita ay dapat ihain sa Panlunsod na Tagatala sa 777 B Street, Hayward sa huling o bago ang huling araw ng paghahain. Ang mga

inihaing pangangatwiran ay mananatiling lihim hanggang sa lumampas na an huling araw ng paghahain. Ang mga pangangatwiran ay hindi na mababago matapos ang huling araw ng paghahain.

IPINAAALAM DIN na magkakaroon ng sampung araw na pag-aaral ng mga Pangangatwiran ng publiko. Sa mga oras na ito, sinumang botante sa halalan o sinumang namumuno sa halalan ay may maaaring magsagawa ng mga hakbang (writ of mandate o injunction) upang mapabago o mapatanggal ang mga nakalathala. Ang panahon ng pag-aaral ng Pangangatwiran ay ang mag sumusunod: Pangunahing Pangangatwiran ay magsisimula sa ika-31 ng Hulyo at magtatapos sa ika-10 ng Agosto, 2018; Salungat na Pangangatwiran ay magsisimula sa ika-10 ng Agosto at magtatapos sa ika- 20 ng Agosto, 2018. Ang panahon ng pag-aaral para sa walang kinikilangang pananaw ay magsisimula sa ika- 20 at magtatapos sa ika-30 ng Hulyo, 2018.

Ang lahat ng mga kailangang malaman tungkol sa halalan at mga panukalang batas ay makikita sa website ng Lunsod ng Hayward sa <https://www.hayward-ca.gov/your-government/elections>. para sa karagdagang kaalaman, tumawag sa (510) 583-4400.

Ang halalan sa November 6, 2018, Araw ng Hahalan, ay magbubukas sa ika-7 nang umaga hanggang ika-8 nang gabi.

Itinakda ika- 27 ng Hulyo, 2018

Miriam Lens, Panlunsod na Tagatala

Lunsod ng Hayward